


# May Kakaibang Nangyari sa Aming Lungsod

Isang kwentong pambata tungkol sa coronavirus pandemic



Isinulat ni Dr. Shu-Chen Jenny Yen  
Isinalin sa Filipino nina Ralph Edwin U. Villanueva at Ice Imperial-Munger  
Isinalarawan ng GLOPO.JCCREATION AND ART CENTER



# Panimula



Ang librong ito ay para sa mga magulang, mga tagapatnubay at mga guro, upang matulungan ang mga batang may edad 3 hanggang 8 na maintindihan ang coronavirus pandemic.

Marahil, isa itong nakakatakot na oras para sa mga bata, lalo at hindi nila maintindihan kung bakit nila kailangang manatili sa loob ng bahay, o kung ano nga ba ang nangyayari sa mundo.

Isa sa mabisang paraan upang matulungan ng mga magulang at tagapag-alaga ang mga ay sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga impormasyon na naaangkop sa kanilang edad, sinisigurado ang kanilang kaligtasan at pinaalam sa kanila na maraming tao ang nagtutulong-tulong upang mapuksa ang virus.




Mayroong nangyari sa lungsod namin.

Hindi ako makapasok sa eskwela, sa parke  
o sa bahay ng kaibigan ko para maglaro.

Ang mga magulang ko, hindi  
makapagtrabaho.


Si Lola, hindi makapag-shopping.  
Tahimik ang mga kalsada.

Nasaan kaya ang mga tao?



Lahat ng tao sa TV, may suot na *mask*.

Lahat ng mga doktor at nars ay may suot na kakaibang damit mula ulo hanggang paa.



Mama, may sakit po ba ang lungsod natin?

May lagnat?

Bakit lahat po, parang malungkot? Galit?

Masama ang loob?


Bakit walang nakangiti?




Oo, mahal. May sakit ang lungsod.


May bagong sakit kasi, COVID-19,  
na hinahawaan ang mga tao at  
kumakalat nang mabilis sa buong  
mundo!

Ayun, pati ang lungsod natin,  
nahawaan.



Mama, bakit hindi na lang po  
pumunta ang mga tao kay dok at  
kumuha ng bakuna o uminom ng  
gamot?






Hmm. Maraming tao ang may sakit ngayon.

Ang mga doktor at nars, halos wala nang tulog *kakatrabaho*, pero hindi pa rin nila matulungan ang lahat.

Pati yung mga scientist anak, inaaral na ang bakuna para matapos ang virus, pero kailangan pa ng oras.






Magkakasakit din ba ako, Mama?



Hmm. Posible na lahat ay magkasakit, pero may alam akong paraan para hindi ka mahawa.

*Talaga? Ano iyan, Mama? Ano, ano?*




Tatawagin na lang nating, “Social Distancing.”

*Ano po ibig sabihin non?*

Hmm. Parang iyong ginagawa mo kapag may sakit ka at hindi ka makapasok sa school.


Dito lang tayo sa bahay para hindi tayo mahawa sa virus. Sa ngayon, hindi muna tayo *makikisalamuha* sa ibang tao, para hindi na tayo mahawa sa virus.



Kung kailangan nating lumabas, lalayo muna tayo sa mga tao.

Hindi tayo hahawak sa mga gamit ng basta-basta at hahawak sa *ating* mukha, bibig at mata. Mali iyon.


Huhugasan natin ang ating kamay gamit ang sabon at maligamgam na tubig nang mas matagal sa 20 segundo para maalis ang virus sa ating mga kamay.



Wow, sige po gagawin ko iyon. Iyon lang po ba ang gagawin ko, Mama?

Anak, huwag kang mag-alala! Kung ang lahat ay gagawin ang 'social disatancing,' ang virus ay hindi na maipapasa sa mga tao.

Atsaka, sila Mama't Papa, si Lolo't Lola gagawin ang lahat para mailayo ka sa virus!



Atsaka, alam mo ba? Nalaman ng mga scientist na mas malakas ang immune system, o ang resistensya, ng mga bata laban sa virus kumpara sa mga matatanda.

Wow, para po matalo ko ang virus! Ayos!



Pero Mama, ang social distancing ba, ibig sabihin po hindi ko na makakalaro ang mga kaibigan ko?



*Pwede* naman! Pwede pa kayong magtawagan, mag-text, email at chat sa mga kaibigan mo.

Puwede kayong manood ng pelikula at bidyo gamit ang Internet.






Mama, gaano po ba katagal bago ko makalaro ang mga kaibigan ko ulit sa labas?

Kailan po mawawala ang virus?

Marami po bang tao ang mamamatay?




Anak, hindi ko *lang* alam.

Pero ang lahat ng doktor at nars,  
ginagawa ang lahat.

Hindi naman sila sumusuko sa mga  
may-sakit. Pati nga yung mga ibang  
doktor, hindi na makauwi at  
mayakap ang sariling anak nila sa  
*kakatrabaho*.






Pati ba ang mga anak ng doktor, Mama,  
nalulungkot dahil hindi nila makita ang  
magulang nila?



Oo, anak. Sobrang lungkot nila dahil hindi naman nila makita ang mga magulang nila araw-araw, na tulad mo.

Pero alam mo, hanga sila sa magulang nila dahil matapang sila sa paglaban sa virus at pagsagip ng mga buhay ng tao!




Wow, ang galing po pala nila!  
Bayani ko sila!




Bukod pa sa kanila, anak, marami pang mga bayani na lumalaban sa virus.

Ang mga scientist, nagtatrabaho nang maigi para sa bakuna.

Meron ding mga nagdedeliber ng pagkain para doon sa mga taong hindi makalabas ng bahay para makabili ng pagkain.



Pati ang mga tagapagbalita,  
nagbibigay ng mga impormasyon sa  
atin sa TV, dyaryo at sa Internet.



*Ang galing naman nila!*





Ang mga tao mula sa iba't ibang parte ng mundo ay nagbibigay rin ng pera pambili ng *masks*, gloves at iba pang *gamit* para sa mga doktor at nars, para maging protektado at ligtas sila tuwing tutulong sa mga pasyente.

Ang mga tao rin ay nagbibigay ng pagkain at grocery sa mga kapitbahay na hindi makalabas. Si Mama't Papa rin, tutulong.






Anong puwede ko pong gawin para  
makatulong din?

Ano ba ang naisip mo?



Puwede po akong magdrowing ng mga litrato at magsulat ng liham doon sa mga *taong* tumutulong.

Puwede rin po siguro akong magbigay ng mga laruan at libro sa mga batang nangangailangan.




*Mabuti* iyan, anak! Puwedeng puwede.

Tayo na at tumulong din pati sa mga bata na nangangailangan.



Itong problemang ito, isang laban na kung saan lahat ng tao sa mundo ay kasali.

Ang pagiging malusog at hindi na pagkalat ng virus ang mga pinakamabisang daan para malabanan ang sakit.



Okay po Mama, maghuhugas po ako ng kamay, mamamalagi na lang sa bahay.

Sa paglagi ko rito sa bahay, hindi ko na po kailangang pumunta sa ospital para ang mga doktor at nars ay matulungan ang mga maysakit.



Magtulungan tayong lahat para  
malabanan ang virus, gamit ang social  
distancing!

Sige, kita-kits sa FaceTime, Mama!









# Tala para sa mga magulang

Magmula nang magsimulang kumalat ang COVID-19 noong 2019, ang mga bata mula sa iba't ibang panig ng mundo ay nakaranas ng matinding takot, tulad ng lockdown, mula sa coronavirus. O, 'di naman kaya, sila ay nakakita ng mga nakakatakot na litrato tungkol sa virus mula sa media. Napakahirap para sa mga bata na maintindihan kung bakit kailangan ng social distancing at kung bakit hindi na sila makapaglaro kasama ang mga kaibigan nila.

Ang librong ito ay nais 1.) mabigyang katiyakan ang kaligtasan ng mga bata, 2.) maibaling ang atensyon ng mga bata patungo sa mga mabuting aksyon na ginagawa ng mga doktor at iba pang frontliners, 3.) mapalakas at maisali ang mga bata sa pagtulong, 4.) maintindihan ang kahalagahan ng social distancing.]







# Tala para sa mga magulang

Kung may nakakatakot na nangyayari, kailangan ng mga bata ang kanilang mga mahal sa buhay upang mabigyang katiyakan ang kanilang kaligtasan. Kailangang magbigay ng magulang ng ibayong pagmamahal sa kanilang mga anak ngayong panahong ito. Nais nating matulungan ang mga bata, sa pamamagitan ng social media, na umugnay sa kanilang mga kaibigan habang may social distancing.

Nais din naming mapalakas ang tingin ng mga bata sa mga bayani at makatulong, sa kanilang sariling paraan, sa paglaban dito sa sakit. Kung tutuusin, ang pag-aalaga ng sarili at hindi pagkalat ng virus ay kabayanihan!



# Tala tungkol sa may-akda

Si Dr. Shu-Chen “Jenny” Yen ay isang associate professor ng Department of Child and Adolescent Studies sa California State University, Fullerton. Sinulat niya ang kaniyang unang social story para sa publiko para sa 9-11 terrorist attacks ng Al-Qaeda sa Estados Unidos noong Setyembre 11, 2001. Sa ngayon, nakagawa na siya ng iba’t ibang mga kwento para sa mga batang biktima na naapektuhan ng iba’t ibang unos na tumama sa Taiwan, China, Pilipinas, Puerto Rico at ang Estados Unidos. Sa pamamagitan ng “trauma-informed care practice,” umaasa si Jenny na makatulong ang kaniyang mga akda sa mga batang nakatira sa mga apektadong lugar, na makahanap ng pagmamahal at tapang. Si Jenny ay nakatanggap ng 2018 P.E.A.C.E. Award mula sa Peace Educators Allied for Children Everywhere (P.E.A.C.E.) Hinirang siya sa Educators for Peaceful Classrooms and Communities, o EPCC, para sa 2020 Honor an Early Childhood Educator Award, California Association for the Education of Young Children (CAAEYC).

# Pasasalamat

Nais ko sanang pasalamatan ang mga sumusunod na mga tao sa kanilang mga naging puna sa aking kwento: Dr. Kathy Thornburg, Dr. Sandy Baba, Dr. Feiyan Chen, Dr. Cary Larson-McKay, Dr. Janna Kim, Dr. Shu-Nu Yen, Shu-Ling Yen, Joyce Daniel, Tom Pfaff at Tina Pfaff. Gusto ko rin sanang mag-abot ng pasasalamat sa mga batang tumulong bumuo ng kwento: Austen Liu, Allison Yu, Caitlyn Yu, Kaja Andersen, Dana Yen, Calvin Pfaff, Simon Pfaff at Luke Pfaff. Salamat din sa mga anak kong sina Angela Lee, na nag-edit ng kwento; at si Eric Lee, na nag-proofread ng kwento. Salamat din sa asawa kong si Michael Lee na nagutom para lang matapos ko ito. At gusto ko ring pasalamatan si Shu-Chiung Chang at ang GLOPO.JCCREATION AND ART CENTER para sa kanilang tulong sa paglalarawan at pagsasabuhay ng mga karakter ng kwento.

Nais ding pasalamatan ng NAEYC Asian Interest Forum sina Ralph Edwin U. Villanueva at Ice Imperial-Munger para sa kanilang suporta sa pagsalin ng aking libro sa wikang Filipino, mula *Something Strange Happened in my City*, sa May Kakaibang Nangyari sa Aming Lungsod.

*Karapatang-ari ©2020 ni Shu-Chen Yen. Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may-hawak ng karapatang-ari. Ang permisyon ay hindi na kailangan kung gagamitin lamang pang personal o propesyonal, (halimbawa ay sa paggamit sa silid aralan) Kung kailangan ng iba pang impormasyon, maaaring kontakin si Shu-Chen YEN sa [syen@fullerton.edu](mailto:syen@fullerton.edu).*

*Lahat ng ilustrasyon sa librong ito ay pro bouno, hindi layuning gamitin pangkomersyal. Karapatang-ari ©2020 ng GLOPO.JCCREATION AND ART CENTER. Reserbado ang lahat ng karapatan, kasama na ang karapatan sa reproduksiyon at paggamit sa anumang anyo at paraan maliban kung may nakasulat na pahintulot mula sa may-hawak ng karapatang-ari. Para sa ibang impormasyon, maaaring kontakin ang GLOPO.JCCREATION AND ART CENTER sa [work@jccaac.com](mailto:work@jccaac.com).*